




Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
 Regional Office IX, Zamboanga Peninsula



ZAMBOANGA DIVISION



Zest for Progress  
 Zeal of Partnership

JANUARY

*Matuguhon*

FEBRUARY

*Mahigugmaon*

MARCH

*Matinabungan*

APRIL

*Matinahuron*

MAY

*Makaprayag og Malimpyo*

JUNE

*Maabtik og Masunod sa  
 Ohsaklong Oras*

JULY

*Maantigo og Maabilidad*

AUGUST

*Maginhuhuhunon  
 Para sa Uban*

SEPTEMBER

*Madaginoton*

OCTOBER

*Matinud-anon*

NOVEMBER

*Masaligan*

DECEMBER

*Maalampon*

**6**

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 7: Pagtala ng Datos Mula sa Binasang Teksto



Name of Learner: \_\_\_\_\_

Grade & Section: \_\_\_\_\_

Name of School: \_\_\_\_\_

**Filipino – Ikaanim na Baitang**  
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**  
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagtala ng Datos Mula sa Binasang Teksto**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Giovanna Paula C. Dingal

**Editor/Tagasuri:** Lea Jane T. Lañoso/Riela Angela C. Josol

**Tagalapat:** Franklin E. Benitez

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI – Schools Division Superintendent  
                    Lourma I. Poculan – Asst. Schools Division Superintendent  
                    Amelinda D. Montero – Chief Education Supervisor, CID  
                    Nur N. Hussien – Chief Education Supervisor, SGOD  
                    Riela Angela C. Josol – Education Program Supervisor – Filipino  
                    Bernie P. Laranjo – Public Schools District Supervisor  
                    Ronillo S. Yarag – Education Program Supervisor, LRMS  
                    Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City  
                            Zamboanga del Norte, 7100

Telefax: (065) 212-6986 and (065) 212-5818

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



## **Alamin**

Magandang araw sa iyo!

Ako'y lubos na nasisiyahang ipaalam na sa araling ito ay matutuhan mong magtala ng datos mula sa iyong binasang teksto.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakapagtatala ng datos mula sa binasang teksto. **(F6-SS-11b-10)**


Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
3. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinuman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Pagtatala ng Datos Mula sa Binasang Teksto



## *Balikan*

Sa nakaraang modyul ay natutuhan mong pag-ugnayin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari. Ngayon ay magbibigay ako ng gawain upang malaman kung talaga bang naunawaan ang paksa sa nakaraang modyul.

**Panuto:** Iugnay ang sanhi na nasa Hanay A sa kanyang bunga na nasa Hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel o kuwaderno.

### **Hanay A**

1. Nahuli sa klase si Irish
2. Nagpunta ang pamilya Santos sa Batangas
3. Umalis ang nanay ni Andrea
4. Umuulan nang malakas
5. May Covid 19 sa Pilipinas


### **Hanay B**

- A. kaya siya ang nagbabantay sa kanyang kapatid.
- B. kaya ang lahat ng mamamayan ay nagsusuot ng face mask
- C. kung kaya bumaha sa kalsada.
- D. kaya masayang-masaya si Lola Bella.
- E. kaya pinagsabihan siya ng kanyang guro.



## Tuklasin

**Panuto:** Pansinin ang graph na nasa ibaba at sagutin ang mga tanong tungkol dito.



Sanggunian: <https://twitter.com/edsonguido/status/1294476505964142592>

### Mga Tanong:

1. Tungkol saan ang graph?

---

2. Anong bansa na nasa graph ang pinakamaraming gumaling sa Covid 19?

---

3. Anong bansa naman ang may pinakamaraming aktibong kaso ng Covid 19?

---

4. Anong bansa ang may pinakamaraming namatay dahil sa Covid 19?

---

5. Ano ang tawag sa mga impormasyon iyong nakuha mula sa graph?

---



## ***Surin***


### **Alam Mo Ba?**

#### **Datos**

- ay anumang uri ng kaalaman tungkol sa kahit anong bagay.
- ang koleksyon ng mga elemento o mga kaalaman na ginagamit sa mga eksperimento, pagsusuri, pag-aaral ng isang bagay. Ito ay mahalagang parte ng anumang pagsusuri, dahil dito nakasalalay ang tiyak na resulta.

Isa sa mga halimbawa ay ang pagdetermina ng mga taong nangangailangan nang mas malaking tulong galing sa ating gobyerno. Upang makamantan ang resulta, nangangailangan ito ng mga datos para sa pagkalkyula kung ilan ang nangangailangan. Sila ay gagawa ng tinatawag na *survey*. Ang resulta ng survey na ito ngayon ay nagtataglay ng mga datos na kinakailangan para sa tanong kung ilan ang nangangailangan ng agarang tulong galing sa gobyerno.

*Sanggunian:* <https://brainly.ph/question/479190>



## ***Pagyamanin***

**Panuto:** Basahing mabuti ang balita sa ibaba at itala ang mga datos na iyong nakuha rito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong.

### **COVID-19 cases sa Pilipinas nasa 1,418 na**

*Marso 29, 2020 05:20 PM*

Umabot na sa 1,418 ang kabuuang bilang ng mga pasyenteng nagpositibo sa coronavirus disease 2019 (COVID-19), sabi ngayong Linggo ng Department of Health (DOH).

Sa isang press briefing, sinabi ni Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire na 343 ang bilang ng mga bagong kasong naitala ng ahensiya.

Umabot na sa 71 ang binawian ng buhay dahil sa sakit matapos makapagtala ng 3 bagong pagkamatay habang 7 ang nadagdag sa mga gumaling para sa kabuuan na 42, ayon kay Vergeire.

Nagpatupad ang gobyerno ng lockdown sa buong Luzon, kung saan hinihikayat ang publiko na manatili sa loob ng kanilang mga bahay, para maiwasan ang hawahan ng sakit.

Sa buong mundo, umabot na sa 665,616 ang nahawahan ng COVID-19 habang 30,857 na ang namatay dahil dito, ayon sa tracker ng Johns Hopkins University.

*Sanggunian:* <https://news.abs-cbn.com/news/03/29/20/covid-19-cases-sa-pilipinas-nasa-1418-na>

1. Ilan ang kabuuang bilang ng mga pasyenteng nagpositibo sa coronavirus disease 2019 ayon sa Department of Health (DOH)?

---

2. Ilan ang bagong kaso ng Covid 19 na naitala ng ahensiya ayon kay Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire sa isang press briefing?

---

3. Ilan ang binawian ng buhay dahil sa sakit?

---

4. Saan ipinatupad ng gobyerno ang lockdown?

---

5. Ilan ang nahawahan at namatay sa buong mundo dahil sa Covid 19 ayon sa tracker ng Johns Hopkins University?


---



## Isagawa

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang teksto. Magtala ng apat (4) na mahalagang datos/impormasyon na makikita rito. Isulat ang sa tingin mong pinakaimportanteng datos sa tuktok ng piramide at sa ibang bahagi naman ang iba pa.

Sa bayan ng San Dionesio, marami ang naospital dahil sa pagkain ng tahong at talaba. Sila'y biglang hinimatay at ang iba'y natuluyang namatay matapos kumain ng sariwang tahong at talaba. Iisa lamang ang sinasabi ng nakaalam na ito'y epekto ng red tide; dahil sila'y nagsusuka at nanginginig ang katawan. Ito ay dulot ng maruruming tubig dahil sa maling pagtapon ng basura sa dalampasigan.







## **Tayahin**

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang teksto. Magtala ng limang (5) mahalagang datos/impormasyon na makikita rito. Isulat ang sa tingin mong pinakaimportanteng datos sa unang baiting ng hagdan at sa ibang baiting naman ang iba pa.

### **Ang Pagtatag ng Katipunan**

Gabi noong ika-7 ng Hulyo, 1892, itinatag ni Andres Bonifacio ang KKK. Isinagawa ito sa isang bahay sa Tondo. Katulong niya ang kanyang dalawang kaibigang sina Teodoro Plata at Ladislao Diwa. Ang katipunan ay isang lihim na samahan ng mga Pilipinong Makabayan. Ang KKK ay nangahulugang Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan. Maari ring tawaging Katipunan lamang. Ang layunin nito ay mapag-isa ang damdaming Pilipino at magkaroon ng Kalayaan sa pamamagitan ng paghihimagsik.




# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Suriin nang mabuti ang talahanayan sa ibaba. Pagkatapos ay magtala ng sampung (10) datos o impormasyon na iyong nakuha dito.

**Halimbawa:**

*Sa taong 2010, ang bilang ng kababaihan ay mas kaunti kaysa sa kalalakihan.*

Taon	Parehong kasarian	Lalaki	Babae
2000	76,946,500	38,748,500	38,198,000
2005	85,261,000	42,887,300	42,373,700
2010	94,013,200	47,263,600	46,749,600
2015	102,965,300	51,733,400	51,231,900
2020	111,784,600	56,123,600	55,661,000
2025	120,224,500	60,311,700	59,912,800
2030	128,110,000	64,203,600	63,906,400
2035	135,301,100	67,741,300	67,559,800
2040	141,669,900	70,871,100	70,798,800



Sanggunian: [https://pt.slideshare.net/alyssa\\_kentdiego/balangkas-ng-populasyon-ayon-sa-kasarian-at-gulang/4](https://pt.slideshare.net/alyssa_kentdiego/balangkas-ng-populasyon-ayon-sa-kasarian-at-gulang/4)

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_



## Susi ng Pagwawasto

**Balikan**

1. E
2. D
3. A
4. C
5. B

**Tuklasin**

1. Tungkol sa kaso ng Covid 19.
2. Indonesia
3. Philippines/ Pilipinas
4. Indonesia
5. Datos

**Pagyananin**

1. 1,418 katao
2. 343 kaso
3. 71 katao
4. buong Luzon
5. 665,616 ang nahawahanan at 30,857 ang namatay

# ***Sanggunian***

Filipino 6 TG 2<sup>nd</sup> Quarter

Gintong Aklat sa Pagbasa pahina 15-18

scribd.com by Karren Leeping

coursehero.com

<https://twitter.com/edsoncguido/status/1294476505964142592>

<https://brainly.ph/question/479190>

<https://news.abs-cbn.com/news/03/29/20/covid-19-cases-sa-pilipinas-nasa-1418-na>

[https://pt.slideshare.net/alyssa\\_kentdiego/balankas-ng-populasyon-ayon-sa-kasarian-at-gulang/4](https://pt.slideshare.net/alyssa_kentdiego/balankas-ng-populasyon-ayon-sa-kasarian-at-gulang/4)